

## 4 na armas, nakumpiska sa Nueva Vizcaya

NASAMSAM NG mga Pulang mandirigma ng Bagong Hukbong Bayan (BHB)-Cagayan (Venerando Villacillo Command) ang apat na matataas na kalibreng armas mula sa mata-gumpay na ambus laban sa mga sundalo ng 84th IB.

Inilunsad ang ambus sa Sityo Maglan, Barangay Dine, Kasibu, Nueva Vizcaya bandang alas-7:30 ng umaga ng Setyembre 1 kung saan nakumpiska ang isang K3 *light machinangun* at tatlong ripleng R4. Anim ang namatay sa 84th IB kabilang sina SSgt. Dexter John Tagacay, Cpl. Jayson Sabado at Cpl. Rusty Galan.

Aktibo ang 84th IB sa pag-supil sa paglaban ng mga residente sa mabubundok na bahagi ng Kasibu. Ipinuprotesta ng mamamayan, kabilang na ang mga tribung Bugkalot at Igorot, ang lagapan na mapaminsalang pagmimina sa lugar. Notoryus sa mga ito ang dam-buhalang mga kumpanyang OceanaGold at Royalco, kapwa mula sa Australia.

Samantala, pinarusahan noong Agosto 25 ng BHB-Sorsogon (Celso Minguez Command o CMC) si SPO1 Nestor Austero, elemento ng PNP-Bulan na masigasig sa kontra-in-surhensyang operasyon.

Ayon kay Ka Samuel Guerrero ng CMC, aktibo si Austero sa paglalatag ng mga lambat ng

"4 na armas..." *sundan sa pahina 3*



EDITORIAL

## Ihiwalay at labanan ang rehimeng US-Duterte

**M**abilis na naiipon ang galit ng sambayanang Pilipino kay Rodrigo Duterte sa patuloy na pagdanak ng dugo sa ilalim ng kanyang mapaniil na paghahari.

Sinasakdal nila si Duterte sa sunud-sunod na pagpatay ng kanyang mga armadong utusan sa mga kabataan nitong nagdaang mga araw: sina Kian delos Santos, 17, Carl Angelo Arnaiz, 19 taon at Reynaldo de Guzman, 14, na pawang pinahirapan at pinatay sa saksak at pagbaril ng mga pulis sa ilalim ng "gera kontra-droga;" at si Obillo Bay-ao, 19, kabataang Lumad mula sa Talaingod, Davao del Norte na binaril at pinatay ng mga pwersang paramilitar.

Sinasakdal ng sambayanan si Duterte sa libu-libong buhay na kinitil sa tatlong gerang kanyang pinasimulan:

ang Oplan Tokhang na "gera kontra droga," ang Oplan Kapayapaan na gerang panunupil at batas militar sa Mindanao at ang gerang kontra-Moro at pagwasak sa Marawi. Kinasusuk-laman ng bayan ang tila walang-katapusang pagbibigay ni Duterte ng proteksyon at pabuya sa mga pulis at sundalo na bulag na nagpapatupad ng kanyang utos ng pagpatay.

Duguan ang kamay ni Duterte sa kanyang mga gera ng pagpatay at pagwasak. Naninibasib ang kanyang mga sundalo at pulis. Sa nakaraang dalawang linggo, halos 20 ang pinatay sa ilalim ng Oplan Kapayapaan.

Walang-habas ang pamamaslang ng mga pulis sa ilalim ng Oplan Tokhang. Walang-habas pa rin ang gera ng AFP sa Marawi na mahigit 100 araw na nitong kinubkob.

Suyang-suya na ang taumbayan sa paulit-ulit, mapang-uyam at bilibsa-sariling mga talumpati ni Duterte. Mabilis na naglalaho ang bisa ng kanyang mga pagkukunwari, palabas at asta sa harap ng kongkretong mga hakbangin, patakaran at programang pumipinsala sa interes ng bayan at nang-aapi sa mahihirap.

Nagtetengang kawali si Duterte. Bingi siya sa taghoy ng Marawi at mamamayang Moro, sa pananangis ng mga ama't ina ng dumaraming kabataang pinatay ng mga pulis, sa hiyaw ng mga pambansang minorya at mga magsasaka laban sa militarisasyon at panunupil, sa malawakang sigaw kontra sa paghuhulog ng bomba, sa daing ng mga maralitang lunsod, manggagawa, mga kabataan at iba pang uri at sektor laban sa pang-aapi at pagsa-samantala.

Lalong tumitindi ang pagkamuhi ng bayan sa rehimeng Duterte.

te at mga patakaran nitong mapaniil katulad ng itinutulak nitong National ID system, batas sa pagsupil sa pamamahayag at pag-amyenda sa konstitusyon para lalong mamonopolyo ni Duterte ang kapangyarihang pampulitika. Ibayong pang-aapi ang daranasin ng mga manggagawa sa planong ibasura ang 8-oras na arawang trabaho.

Dapat puspusang kumilos ang mga pwersang pambansa-demokratiko para palawakin at patatagin ang mga organisasyong masa at buuin ang pinakamalapad na bukluran ng sambayanan at ihiwalay at labanan ang rehimeng US-Duterte, ang tatlong gera nito at ang iba't ibang patakaran at programa nitong maka-imperyalista, kontra-mamamayan at kontra-demokratiko.

Bawat usaping kinakaharap ng mamamayan sa ilalim ng rehimeng Duterte ay nagtutulak sa kanila na magbuklod sa iba't ibang anyo ng malalapad na alyansa. Mapalalahok sa mga alyansang ito ang iba't ibang mga pwersa at pulitikong karibal ni

Duterte. Higit dito, dapat abutin, pakilusin at buklurin ang iba't ibang samahan o asosasyon sa mga paaralan, sa mga komunidad, parokya, barangay, sa mga upisina, at iba pa.







Kaliwa't kanan ngayon ang pagtutol sa "gera kontra-droga" ni Duterte at sa mga pagpatay at abuso ng mga pulis. Tumitindig ang iba't ibang personahe, sektor, mga organisasyon at institusyon. Ang mga organisasyon ng mga kabataan sa mga komunidad at paaralan ay naghihintay ng magbubuklod sa kanila sa isang malawak na samahan laban sa Oplan Tokhang at mga abusong pulis at para sa komprehensibong solusyong panlipunan at pang-ekonomya sa problema ng droga.

May batayan din para buuin ang malapad na pagkakaisa laban sa Oplan Kapayapaan at gerang anti-Moro at mga hakbanging mapaniil tulad ng National ID. Dapat magkaisa rin para labanan ang pagsupil sa karapatan sa pamamahayag sa tabing ng pagkontrol sa "peking balita." Dapat ding malawakang pagkaisahin ang masang manggagawa para ipagtanggol ang karapatan sa 8-oras na araw ng pagtatrabaho, para sa regularisasyon at umento sa sahod.

Dapat magkaisa rin ang iba't ibang pwersa laban sa mga hakbanging ni Duterte para supilin ang kanyang mga karibal sa pulitika (pagkukulong, pagpapataksik sa pwesto o pagpatay) at para monopolisahin ang kapangyarihang pampulitika sa anyo ng pagbabago sa konstitusyon sa ngalan ng "pederalismo."

Ang pinaiiral ni Duterte na klima ng sindak at takot ay unti-unting pinangingibabawan at iwinawaksi ng mamamayan. Sa tindi at lawak ng pagkasuklam sa rehimeng US-Duterte, milyun-milyong mamamayan ang naghihintay ng pagkakataong makipagkaisa at kumilos upang ipamalas ang kanilang paninindigan laban sa pasista, kontra-mamamayan at kontra-demokratikong rehimen.

AB

	
Tomo XLVIII Blg. 17   Setyembre 7, 2017	
Ang <i>Ang Bayan</i> ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloko, Hiligaynon, Waray at Ingles.	
Tumatanggap ang <i>Ang Bayan</i> ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan.	
 <a href="https://www.instagram.com/prwinfo">instagram.com/prwinfo</a>	 <a href="https://www.youtube.com/PhilippineRevolutionWebCentral">youtube.com/PhilippineRevolutionWebCentral</a>
 <a href="https://twitter.com/prwc_info">@prwc_info</a>	 <a href="https://www.facebook.com/philrevwebcentral">fb.com/philrevwebcentral</a>
 <a href="mailto:cppinformationbureau@gmail.com">cppinformationbureau@gmail.com</a>	
Ang <i>Ang Bayan</i> ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas	
<h2>Nilalaman</h2>	
<b>Editorial:</b> Ihiwalay at labananan ang rehimeng US-Duterte	1
Apat na armas, nakumpiska sa N. Vizcaya	1
Pasistang hakbang ang Nat'l ID	3
Pinahabang araw ng paggawa	4
Pakikibaka ng mga manggagawa	5
BBL, hindi prayoridad ni Duterte	6
SMC, nasa likod ng demolisyon	7
Manilakbayan 2017, nasa Metro Manila na	8
Mga EJK, tumitindi	9
Panggigipit sa mga Lumad	10
Kumpirmasyon ni Mariano, ibinasura	10
25 taon ng The Hague Declaration	10

mga importer sa mga barangay ng Bulan na nagresulta sa maraming kaso ng mga paglabag sa kapatang-tao sa lugar.

### Pagsulong ng BHB sa EV

Iniulat naman ng BHB-Eastern Visayas (Efren Martinez Command o EMC) ang ibayong pagsigla at paglakas ng BHB sa rehiyon sa harap ng kontra-insurhensyang kampanyang Oplan Kapayapaan ng rehimeng US-Duterte.

Ayon kay Ka Karlos Manuel, tagapagsalita ng EMC, matindi ang pananalasa ng Oplan Kapayapaan ng rehimen sa hindi bababa sa 152 barangay sa rehiyon. Nagtayo rin ang 8th ID ng karagdagang 41 bagong mga kampo. Target ng 8th ID ang 32 bayan at lunsod sa Eastern Visayas para sa kontra-insurhensyang opensiba nito.

Magiting na hinarap ng mga yunit ng BHB sa rehiyon ang kampanyang ito. Mula Marso hanggang Agosto ay 65 iba't ibang tipo ng armadong aksyon ang inilunsad ng BHB sa rehiyon laban sa mga sundalo ng 8th ID at PNP. Nagdulot ang mga ito ng 61 patay at 39 sugatan sa mga reaksyunaryong pwersa. Sampung malalakas na armas, kabilang ang isang M60 *machinegun*, at anim na iba pang baril, ang nakumpiska mula sa mga opensibang ito.

Sa parehong panahon ay lumaki rin ang kasapian ng BHB nang 24% at nakapagtayo ng panibagong apat na platoon at apat na iskwad. Bunga nito, umabot na sa laking kumpanya ang pwersa ng BHB sa dalawang larangang gerilya ng Northern Samar, at nakapagbuo ng isa pang panibagong larangang gerilya. Sa Leyte naman, nakapagtayo ng bagong larangang gerilya na nasa estratehikong erya na sumasaklaw sa limang bayan at 14 na barangay. AB

## Pasistang hakbang ang National ID

Paspasang pinagtibay ng Kongreso nitong Agosto 30 ang HB 6221 o Filipino Identification System (FilSys) na nagpapanukalang magtatag ng isang pambansang sistema ng identipikasyon (national ID system). Naglaan na rin ang rehimeng Duterte ng P2 bilyon para sa implementasyon nito simula sa 2018, at daragdagan pa sa 2019.

Sa ilalim ng FilSys, oobligahin ang bawat Pilipinong 18 taong gulang pataas, nasa loob o labas man ng bansa, na irehistro sa Philippine Statistics Authority hindi lamang ang kanyang mga batayang impormasyon (pangalan, petsa ng kapanganakan, taas, timbang, at iba pa) at *biometrics* (de-kompyuter na pagkuha ng imprenta ng mga daliri, mata, boses at mukha), kundi maging mga pampersonal na impormasyon tungkol sa pagkakakilanlan ng isang indibidwal. Gagamitin dito ang kalat-kalat na mga impormasyon sa iba't ibang ahensya ng guberno tulad ng Commission on Elections (*biometrics*), Philhealth, National Bureau of Investigation, 4Ps at iba pa.

Kabilang dito ang mga *genetic records*, DNA, mga rekord sa edukasyon, medikal, at paniniwalang panrelihiyon, pang-ideolohiya at pampilosopiya. Ilalakip din dito ang rekord ng mga kaso ng isang indibidwal, napatunayan man o hindi. Ang mga impormasyong ito, sa kasalukuyan, ay pribado at protektado ng mga pribilehiyong pasyent-dukto, kliyente-abogado at iba pa. Nangangailangan ang mga ito ng kautusan mula sa korte para gamitin ng anumang ahensya ng estado laban sa isang indibidwal.

Sa kamay ng isang mapaniil at mapanupil na estado, ang sistema ng pagkulekta ng gayong mga impormasyon ay tiyak na gagamiting sandata para sa malawakang pagmamanman at kontrol sa mamamayan. Gagamitin ito para tukuyin ang mga grupo o indibidwal na "kahina-hinala" na magresulta sa laganap na mga kaso ng mga

akusasyon at paniniil sa mga grupong pampulitika, relihiyoso o panlipunan.

Kahindik-hindik kung mapapasakamay sa tulad ni Duterte na mapaniil na diktador na nahuhumaling sa malawakang pagpatay bilang solusyon sa mga problemang panlipunan at kasangkapan sa pagpapatahimik sa kanyang mga karibal at pagsupil sa paglaban ng bayan. Bahagi ang pambansang sistema ng ID sa kanyang mga maniobra para magtatag ng pasistang estado.

Sinabi naman ni Rep. Antonio Tinio ng ACT Teachers Partylist, isang hakbang umano ang FilSys tungo sa pagiging "police state" ng bansa.

Ganito rin ang paninindigan ng Foundation for Media Alternatives (FMA), na nagdiin sa posibilidad na gamitin ng estado ang sistema ng identipikasyon bilang kasangkapan sa pagmanman sa mamamayan. Ayon sa FMA, binibigyan nito ng kapangyarihan ang guberno na subaybayan hindi lamang ang mga transaksyon, kundi ang iba pang aktibidad at kaganapan sa buhay ng isang indibidwal.

Para itago ang mapanlinlang na katangian nito at lokohin ang mamamayan, ginagamit ng rehimeng Duterte na dahilan para sa pagpapatupad ng *national ID system* ang pagpapabilis ng pagbigay ng serbisyong panlipunan. Malinaw na kalokohan ito lalupa't tuluy-tuloy ang pagkaltas ng rehimen ng badyet para sa mga serbisyong sosyal. Sa Norway halimbawa, kung saan walang pambansang sistema ng ID na katulad ng

FilSys, lahat ay nabibigyan ng abanteng pampublikong serbis-yong pangkalusugan.

Hindi rin totoong papawiin ng sistemang ito ang lansakang korapsyon sa burukrasya. Malinaw itong ipinapakita ng nagpapatuloy na malaganap na korapsyon sa mga ahensya ng gubyrerno sa kabila ng pagiging de-kompyuter ng pagkuha at pagproseso ng mga ito ng kanilang mga rekord. Gayundin, naging mas malaganap ang manipulasyon ng eleksyon sa Pilipinas. Pinadali at pinaswabe lamang ng de-kompyuter na pagbilang ng boto ang pandaraya.

### Programang anti-mamamayan

Tugma ang ganitong mga pagsasangkalan sa rekomendasyon ng mga tagaplano sa kontra-insurhensya ng US. Sa Iraq at Afghanistan halimbawa, ikinabit ng US ang mga sensus at pambansang sistema ng ID sa pagpapabigay ng subsidyong pagkain kapalit ng impormasyon kaugnay sa itinuturing nitong mga kaaway. Tinukoy din ng US na epektibo ang ginawa nito noon sa gyera sa Vietnam na pagkumbina ng pagsensus at paniktik, kasabay ang kunwang pagkuha ng mga hinaing mula sa mga residente.

Para sa FilSys, prayoridad sa taong 2018 ang maipaloob sa *national ID system* ang 5.2 milyong kabahayan sa mga kanayunan at mga komunidad ng maralitang lungsod para umano sa subsidyo ng 4Ps. Maihahalintulad din ang sistema ng militar ng US sa pagkontrol sa populasyon sa ipinapatay na sistema ng identipikasyon ng Armed Forces of the Philippines sa mga barangay na kanilang inookupa. Sa mga lugar na ito, inoobligang pumirma sa *logbook* at magpakita ng ID o cedula ang mga residente upang subaybayan ang kanilang mga aktibidad, at hindi maakusahang mga rebelde at mapailalim sa intimidasyon o pananakit.


## Pinahabang araw ng paggawa, atake sa mga manggagawa

**A**take sa mga karapatan ng mga manggagawa na siglo-siglo nilang ipinaglaban ang pinagtibay na panukala sa kongreso para sa pagpapahaba ng araw ng pagtatrabaho sa ngalan ng pagpa-paiksi ng linggo ng pagtatrabaho. Noong Agosto 24, niratsada sa mababang kapulungan ang mala-alipin na House Bill 6152 o Increasing the Normal Work Hours per day under the Compressed Work Week Scheme.

Lalong lumilitaw ang kontra-manggagawang pangil ng rehimeng Duterte sa plano nitong pag-institusyunalisa ng 10-12 oras na paggawa sa loob ng isang araw. Ipokritong pinalalabas ng kongreso at ng Department of Labor and Employment (DOLE) na para sa kagalingan ng manggagawa ang pagbabawas ng araw ng paggawa mula 5-6 araw tungong 4-5 araw bawat linggo. Walang ibang makikinabang rito kundi ang malalaking burgesyang kumprador na higit na magkakamal ng tubo sa pamamagitan ng pagpiga ng lakas-paggawa ng mga manggagawa at empleyado.

Unang ipinatupad sa ilalim ng rehimeng Aquino noong 1990 sa pamamagitan ng kautusan ng DOLE ang Compressed Workweek. Nakaayon ito sa pagpapatupad ng Herrera Law na naglatag ng mga batayan para sa pagliligalisa ng kontraktwalisasyon. Sinusugan ito noong 2005 ng rehimeng Arroyo na nagpahintulot sa mga kapitalista at kumprador na magtakda ng lagpas 8-oras na pagtatrabaho sa isang araw na walang *overtime pay*.

Mas masahol na kontra-manggagawa ang rehimeng Duterte sa pagtanggap nito ng mga sagka sa batas para lubos na ipatupad ang pagpapahaba sa oras ng isang araw na pagtatrabaho. Pormalisasyon ang HB 6152 ng matagal nang gawi sa maraming empresa sa mga Export



Processing Zone ang pagpapatrabaho sa mga manggagawa ng 10-12 oras kada araw. Sa Cavite Export Processing Zone, pwersahan ang pagpapatrabaho nang 12 oras mula Lunes hanggang Sabado at walong oras tuwing Linggo. Dagdag ito sa napakasahol nang mga kundisyon sa paggawa tulad ng kawalan ng sapat na bentilasyon at proteksyon sa mga nakalalasang kemikal.

Ang pagpapahintulot ng 12 oras na trabaho sa isang araw ay katumbas ng pagkakait ng P1,227.42 kada linggo o halos P5,000/buwan na *overtime pay* sa isang manggagawang sumasahod ng minimum. Sa malalaking empresang talamak ang kontraktwalisasyon at pagpapapobertaym, mangangahulugan ito ng milyon-milyong dagdag na mapipigang kita kada taon.

Kabalintunaan ang dahilan ng rehimen na ang batas ay para sa mas mahabang pahinga ng mga manggagawa. Hindi nagpapahinga ang gutom na pamilya ng manggagawa dahil nananatiling nakapako sa lubhang napakababang sahod at lumalala ang kawalan ng kasiguraduhan ng trabaho. Ang abereyds na sahod sa manupaktura ay P358.71/araw at P314.34/araw sa serbisyo. Pinakamababa ito sa Southern Tagalog na umaabot lamang sa P235/araw. Malayong

malayo ito sa tinatayang P1,130/a-raw na nakabubuhay na sahod.

### Pagwasak sa tagumpay

Sa pagpapahaba ng oras ng paggawa, winasak ng rehimeng Duterte ang mahigit dalawang siglong tagumpay ng mga manggagawa ng daigdig sa pakikibaka para sa walong-oras na paggawa. Ika-19 siglo pa nang unang maipagtagumpay ng mga manggagawa ang pagpapaikli sa oras ng paggawa mula 12 hanggang 16 na oras.

Sa Timog Europa noon, sapilitang pinagtatrabaho ang mga manggagawa hangga't may sikat ng araw, na umaabot sa alas-10 ng gabi kapag pumasok ang tinatawag na *summer solstice* (mga araw na mas maiksi ang gabi).

Nagtayo ng mga unyon ang mga manggagawa at ipinanawagan ang makataong kundisyon sa paggawa, pagtaas ng sahod at ang walong oras na araw ng paggawa. Lumaganap ang mga kilusang manggagawa sa daigdig.

Sa Australia, nagkaisa ang mga manggagawa noong 1856 na magorganisa ng isang araw na paghinto sa trabaho para ipanawagan ang walong-oras na araw ng paggawa.

Sa US, naging makasaysayan ang Mayo 1, 1886. Mahigit 200,000 manggagawa ang tumigil sa kanilang trabaho at nagtipon sa Haymarket Square sa Chicago upang manawagan ng pangkalahatang welga para sa walong-oras na araw ng paggawa. Kumalat ang panawagang ito hanggang sa Europe. Noong 1889, isa ito sa susing panawagan ng International Workingmen's Association. Ang organisasyong ito ay itinatag nina Karl Marx at Frederich Engels na kalauna'y naglabas ng Communist Manifesto.

Maraming nagtagumpay na mga unyon sa iba't ibang pagawaan para sa walong-oras na araw ng paggawa. Ang kauna-unahang nagdeklara bilang pambansang patakaran ang walong-oras na araw ng paggawa at pista-upisyal ang Mayo 1 ay ang Russia matapos ang Rebolusyong Oktubre ng 1917. Sumunod ang

Mexico noong taon ding iyon, 1920 sa Australia, 1938 sa US. Sa Pilipinas, naisabatas ito noong 1974.

SA PAGPAPAHABA ng araw ng paggawa, muling pinatunayan ng rehimeng Duterte ang kawalang pagkakaiba nito sa naunang makadayuhan at neoliberal na mga rehimen. Bigo na siyang ipatupad ang kanyang pangakong wakasan ang kontraktwalisasyon, pinasasahol pa niya ang miserableng kalagayan ng milyong mga manggagawa.

Sa ilalim ng kanyang pasistang

paghahari, tiyak na ipatutupad ng kanyang rehimen ang mas masahol na kontra-manggagawang mga batas at patakaran.

Sa harap nito, dapat palawakin at palakasin ng mga manggagawa ang kanilang mga unyon at organisasyon para labanan ang lahat ng pakana ng rehimeng bawiin ang mga naipagtagumpay na nilang mga pakikibaka. Dapat isabay ito sa pagpapataas ng sahod, pagbabasura ng kontraktwalisasyon, seguridad sa trabaho at pagwawakas sa di makataong kundisyon sa paggawa. AB

## Protesta at pakikibaka ng mga manggagawa

HABANG TULUY-TULOY ang atake ng rehimeng Duterte sa karapatan ng mga manggagawa, patuloy naman nilang ipinagtatanggol at ipinaglalaman ang mga ito sa pamamagitan ng kanilang organisadong lakas at sama-samang pagkilos.

Kagyat na nagprotesta ang mga kasapi ng Kilos Na! Manggagawa sa Welcome Rotonda sa Quezon City para tutulan ang pagkakapasa ng HB 6152 sa kongreso. Nanindigan silang palalawakin at kokonsolidahin ang kanilang hanay para pigilan ang pag-usad ng panukalang ito sa Senado.

Samantala, nagtagumpay sa laban para sa regularisasyon ang mga 378 manggagawang kontraktwal ng Harbour Centre Port Terminal sa Maynila noong Agosto 24, isang taon mula nang sila ay magwelga. Tanggapin nila lahat ng benepisyo ng regular na mga manggagawa mula nang magsimula sila sa trabaho bilang mga manggagawa ng kumpanyang nagpapatakbo ng Harbour Centre.

Tuluy-tuloy naman ang pakikibaka ng mga manggagawang kontraktwal sa Timog Katagalugan. Noong Agosto 29, nagpiket sa harap ng DOLE ang mga manggagawang nakapailaim sa Liga ng mga Manggagawang Kontraktwal para muling ipanawagan ang kanilang regularisasyon. Lumahok dito ang mga manggagawa mula sa Takata, ABI, Alaska, Coca-Cola, Clarmil, Nexperia, Gardenia, Aichi, Manila Cordage Company-MSI at SIDC.

Nagkamit na ng mga inisyal na tagumpay ang mga manggagawa sa naturang mga kumpanya. Noong Agosto 31, naipagtagumpay ng Alaska Milk Workers Union ang kanilang CBA (*collective bargaining agreement*) kaugnay sa kanilang mga benepisyo. Sa Gardenia, napagtagumpayan ng mga manggagawa ang pagregularisa sa 744 manggagawa nito noong Hunyo. Gayunpaman, tumanggi ang kapitalistang ipatupad ito at nagtanggap pa ng 70 manggagawa.

Ganito rin ang kalagayan ng mga manggagawa ng Nexperia. Labingapat na manggagawa kasama ang pangulo ng lokal na organisasyon, Workers Alliance for Labor Rights, ang ilegal na tinanggal sa kabila ng desisyon ng DOLE na gawing regular ang mga manggagawa. Nakatakda ring i-regularisa ang 675 na manggagawa ng Coca-Cola, subalit ilegal na tinanggal ang 200 na kasama sa desisyon ng DOLE.

Noong Agosto 18, nagpiket naman ang mga manggagawa ng SM Manila kasama ang GABRIELA at KMU para ipanawagan ang regularisasyon ng mga manggagawa ng SM. AB

# BBL, hindi prayoridad ng rehimeng Duterte

**B**inatikos kamakailan ng Moro Islamic Liberation Front (MILF) ang hindi pagtupad ng rehimeng US-Duterte sa obligasyon nitong gawing prayoridad ang Bangsamoro Basic Law (BBL) sa kongreso at senado. Ito ay matapos ilaglag ng Legislative-Executive Development Advisory Council ang naturang panukala sa listahan ng 28 prayoridad na batas na isinumite nito sa kongreso noong Agosto 29. Tulad ng nagdaang rehimen, nagbabagal-bagalan si Duterte na ipasa ang panukala para makapiga pa ng dagdag na mga konsesyon mula sa mga Moro at mapasunod sila sa mga kagustuhan nito.

Sa nakaraang ilang taon, umasa ang MILF na makakamit sa pamamagitan ng BBL ang kanilang karapatan para sa pagpapasya-sa-sarili. Ang BBL ang panukala na magsasakatuparan sa probisyon sa Comprehensive Agreement on the Bangsamoro (CAB) na nagsasaad ng paglikha ng isang Bangsamoro, isang pulitikal na dibisyon na hahalili sa Autonomous Region in Muslim Mindanao (ARMM) na nakapailalim sa Gubyerno ng Republika ng Pilipinas (GRP). Ang CAB ay isang kasunduang nabuo sa usapang pangkapayapaan sa pagitan ng GRP at MILF, at napirmahan noong 2014. Paniwala ng MILF na magiging sagot ang BBL sa “karahasang ekstremista” ng iba't ibang grupong Moro sa Mindanao, kabilang ang mga grupong humiwalay mula sa sentral na pamunuan nito.

Mula nang maupo si Duterte sa poder, paulit-ulit niyang pinangako na gagawing prayoridad ng kanyang rehimen ang BBL. Subalit aabutin siya ng walong buwan bago niya mabuo ang pinalawak na Bangsamoro Transition Council (BTC), ang ahenyang itinakdang magbubuo ng boraador ng BBL. Hindi ito pinaglaanan ng pondo ng pambansang gubyerno. Sa kabila nito, naipasa ng BTC kay Duterte ang isang nirebisang boraador noong Hulyo 17. Taliwas sa kanyang mga paghahambog, hindi niya ito agad na isinumite sa kongreso at senado. Hanggang ngayon, wala sa kanyang mga alipures ang umakong maging isponsor nito. Ayon sa tagapagsalita ng Malacañang, “bahalana” ang kongreso kung ano ang gagawin nito sa panukala.

Masahol pa, naghapag noong Agosto 3 ng kontra-panukala ang

kaalyado ni Duterte na si Gloria Macagapal-Arroyo. Pinamagatang Basic Act for the Bangsamoro Autonomous Region (BABAR), laman nito ang mga kundisyong masahol pa sa ARMM na dati nang ibinasura ng MILF. Wala itong ipinagkaiba sa Basic Law for the Bangsamoro Autonomous Region (BLBAR) na ipinanukala ni noo'y senador Ferdinand Marcos Jr. sa ilalim ng rehimeng US-Aquino. Hindi naipasa ang BLBAR sa kabila ng pagsisikap ni Marcos na palabnawin at gawin itong katanggap-tanggap sa mayorya ng reaksyunaryong uri ng Pilipinas. Tinawag ng MILF na nakaiinsulto at “kasuklam-suklam” ang hakbang na ito ni Arroyo. Sa kabila nito, iniutos ng rehimen na “ikonsolida” ng kongreso ang mga panukala ni Arroyo at ng BTC.

Sa nakaraan, ginamit ng reaksyunaryong estado ang BBL para amuhin ang mamamayang Moro at engganyuhin silang tuluyan nang iwaksi ang armadong pakikibaka at pumaloob na lamang sa konstitusyon ng reaksyunaryong estado. Gayunpaman, hindi ito naging sapat para pigilin ang pagsiklab at muling paglaganap ng armadong paglaban ng iba't ibang grupo. Maraming grupo na ang lumitaw para ipagpatuloy ang armadong paglaban.

Nang sumiklab ang labanan sa Marawi, hindi tinugunan ni Duterte ang hinaing na ipasa ang BBL para apulain ito. Sa halip, naghuramentado siya sa pang-aatake sa mga sibilyan. Brutal at walang pakundangang pambobomba, panganganyon at istraping ang isinagawa ng rehimen sa kanilang buhay at kabuhatan. Taliwas sa kanyang mga paha-



yag na “iniwasan” niyang galitin ang mga Moro, hindi naging ligtas kahit ang mga moske at madrasa, kasama ang mga ospital at pribadong establisimyento ang winasak ng kanyang mga tropa. Ininsulto niya ang kanilang mga lider at iskolalar, at ibinunton sa mga residente ang sisi sa kaguluhan dito. Ilang beses silang nag-alok na mamagitan sa pagitan ng AFP at mga grupong Moro sa Marawi pero buong kahambugang binalewala ito ng rehimen. Kahit ang hiniling na mga pagkakataong sagipin ang mga sibilyan ay hindi ginalang ng mga tropa ng rehimen.

Sa harap nito, patuloy ang pagdurusa ng mamamayang Moro, laluna ang daanlibong mga bakwit sa Lanao del Sur. Nitong Agosto, mariing pinabulaanan ng Suara Bangsamoro ang pahayag ng AFP na walang malawakang krisis sa gutom at kahirapan sa prubinsya dahil “tinutugunan” diumano ng rehimen ang mga pangangailangan ng mga sibilyan. Liban sa krisis na ito, libu-libong indibidwal ang hindi pa nakikita ng kanilang mga kamag-anak, dagdag pa ng organisasyon.

Sa katuus-tuusan, hindi mapapahupa ng BBL o kahit ng malahenosidyong gera ni Duterte laban sa Moro ang kanilang pakikibaka para sa pagpapasya-sa-sarili. Lalo lamang nitong pag-aalabin ang kanilang armadong paglaban. **AB**

# San Miguel Corporation, nasa likod ng demolisyon sa Manggahan

Interes ng malaking burgesyang kumprador na sina Ramon Ang at Eduardo “Danding” Cojuangco ng San Miguel Corporation (SMC) ang nasa likod ng tangkang demolisyon sa 1,000 kabahayan sa Manggahan Floodway sa Pasig noong Agosto 31. Layunin nitong palayasin ang mga residente para bigyang-daan ang paggamit ng SMC sa lugar para sa negosyo.

Ang Manggahan Floodway (daluyan ng baha) ay itinayo noong 1977 upang iwasan ang higit na pagbaha sa Metro Manila. Idineklarang pampubliko ang lupang katabi ng kahabaan nito kung kaya nagkaroon ng karapatan ang mga nais manirahan dito na magtayo ng mga bahay.

Pero noong 2009, binawi ang karapatang ito ng rehimeng US-Arroyo at pilit na itinaboy ang mga residente ng lugar. Ipinagpatuloy ang planong demolisyon sa panahon ni Benigno Aquino sa ilalim ng programang Public-Private Partnership (PPP) na nagresulta sa pagpapalayas sa daan-daang pamilya sa mga *relocation site* at pagkawala ng kanilang kabuhayan.

Sa ilalim ng programang “Build, build, build” ng rehimeng Duterte, nakatakang maglaan ng mahigit P2 bilyong pondo ang SMC sa Manggahan Floodway kapalit ang libreng paggamit ng *waste materials* at tubig na magmumula rito para sa paglikha ng kuryente at irigasyon na gagamitin ng mga negosyo ng SMC.

Tinatayang mapalalayas ang 10,000 pamilya na naninirahan mula Pasig hanggang Taytay, Rizal.

Bahagi lamang ang demolisyon sa Sta. Lucia, Pasig sa may 75 pangunahing proyektong imprastruktura na planong itayo ni Duterte kasabwat ang kanyang mga lokal na kroni at kalihim nito sa


pinansya gamit ang banderang “Dutertenomics.” Ang mga proyektong ito, kabilang ang paglilinis sa Manggahan Floodway, ay dating mga proyektong nakapailalim sa PPP ni Aquino.

Tulad sa PPP, ang malalaki at malalawak na proyektong pang-imprastruktura na nakatali sa neoliberal na interes ng malalaking kumprador at mga dayuhang korporasyon. Pinalulutang ito ng malakihang pangungutang at inilulusot sa ngalan ng ‘kaunlaran.’ Ang pagtatayo at pagpapagana ng mga pasilidad sa ilalim ng programang ito ay magsisilbi lamang sa kanilang komersyal na interes.

Kontrolado ng pinakamayayaman at pinakamakapangyarihang kumprador ang mga proyektong imprastruktura ni Duterte. Nangununa rito ang SMC na magpopondo sa 45.9% kabuuang halaga ng ginagawa o nakumpleto nang proyektong PPP noong Marso.

## Paglaban at pagbigong sa demolisyon

Nabigo ang mga pulis at pwersa ng lokal na gubyerno ng Pasig na idemolis ang kabahayan ng maralita sa bahagi ng Manggahan Floodway sa Brgy. Lucia, Pasig. Ito ay sa kabila na marahas ng pagbuwag ng itinayong barikada ng mga residente, pananakit at arbitrar-



yong pag-aresto sa kanila. Hindi sila natinag sa pagdepensa sa kanilang mga tirahan at kabuhayan.

Sa ulat ng Balikwas Kadamay, lokal na sangay ng Kadamay (Kalipunan ng Damayang Mahihirap), pilit na pinalalayas ang mga residente sa kanilang komunidad sa pagdadahilang nasa ‘danger zone’ ang kanilang mga tirahan. Kapalit nito ang alok na relokasyon sa Calauan, Laguna. Subalit dahil sa mataas na bayarin sa amortisasyon at kawalan ng serbisyong panlipunan at kabuhayan, mayorya sa mga residente ang piniling manatili at ipaglaban ang kanilang karapatan sa disentang paninirahan sa loob ng syudad. Higit apat na dekada na silang nakatira sa kahabaan ng Manggahan Floodway.

Inaresto ng mga pulis ang 29 na residente sa tangkang demolisyon. Hindi pa nakuntento, bumalik ang mga pulis sa komunidad kinabukasan at arbitraryong inaresto ang sinumang makita. Umabot sa 41 ang kanilang ikinulong, kabilang ang 10 menor-de-edad. Kinasuhan sila ng *illegal assembly, direct assault and resisting arrest* at

*disobedience.*

Mariing kinundena ng Kada-may ang marahas na pagbuwag sa barikada. Ayon sa tagapangulo nitong si Gloria Arellano, demoli-syon at pagpapalayas ang hatid ng rehimeng Duterte sa mga ma-ralita, kasabay ng mga pamamas-lang sa “gera kontra-droga.” Mayroon mang relokasyon, napa-kamahal ng sinisingil at inilalayo sa kanilang hanapbuhay ang mga residente.

Kinabukasan, naglunsad ng rali ang mga kasapi ng Balikwas Kadamay at mga kamag-anak ng mga inaresto. Nakiisa sa kanila si Rep. Karlos Zarate, kinatawan ng Bayan Muna. Binisita rin niya ang mga nakakulong sa Pasig City Po-lice Station.

Kinundena ng mga residente ang inilunsad na pagtugis ng PNP at nanawagan na itigil ang demoli-syon sa kanilang komunidad. Anila, sa halip na idemolis, dapat ibigay ng gubyrno ang lupa sa mga ma-ralita.

Noong Setyembre 3 at 4, pumunta sina DSWD Undersec-etary Malou Turalde, Rep. Arlene Brosas ng Gabriela Women’s Party, Liza Maza ng National Anti-Poverty Commission at Rep. Sarah Elago ng Kabataan Partylist sa Bahay Aruga kung saan dinala ang mga inarestong kabataan para alamin ang kani-lang kalagayan pero hindi sila pi-napasok sa lugar. Hindi rin ibina-lik ang naturang mga kabataan sa kanilang mga magulang kahit pa ilang ulit nang nagtangka ang mga ito na bawiin sila. Ilan sa ka-nila ay walang kinalaman sa bari-kada at nagkataon lamang na na-sa lugar nang arestuhin ng mga pulis.

Anim na araw makalipas ang demolisyon, nakalabas na ang da-lawang kabataan habang nanatili pa ang walo sa Bahay Aruga. Pa-tuloy namang maninindigan ang Balikwas-Kadamay sa kanilang karapatan sa paninirahan. AB

## Manilakbayan 2017, nasa Metro Manila na

DUMATING NA sa Metro Manila noong Setyembre 1 ang mga delegasyon ng Manilakbayan 2017 na nanggaling sa Northern Luzon, Central Luzon, Sout-thern Tagalog, Visayas at Mindanao. Sinalubong sila ng mga myembro ng iba’t ibang pambansa-demokratikong organisasyon sa Bonifacio Shrine sa Lunsod ng Maynila kung saan isinagawa ang isang programa laban sa batas militar at pasistang pang-aatake ng rehimeng US-Duterte sa mamamayan.

Matapos nito, nagmartsa sila tungong Mendiola sa harap ng Ma-lacañang, kasama ang iba’t ibang mga demokratikong sektor. Dito, sinalubong sila ng mga magsasaka at mangingisda mula sa rehiyon ng Caraga na noong Agosto 23 pa nagtayo ng kampuhan sa lugar. Ki-nagabihan, tumuloy sila sa University of the Philippines (UP)-Diliman sa Quezon City kung saan itinayo ang kanilang kampuhan. Di-to, binati sila ng mahigit 100 mag-aaral mula sa Save Our Schools Network na noong pang Hulyo na-kalagi sa unibersidad.

Noong Setyembre 4-6, idinaos nila rito ang ikalawang asembliya ng Sandugo, ang pinakamawalak na alyansa ng mga Moro at iba pang pambansang minorya sa Pilipinas. Mahigit 2,500 Moro, Lumad at iba pang katutubo ang naglakbay nang siyam na araw para dalhin sa pam-bansang kabisera ang kanilang mga kwento ng pakikibaka. Mananatili sila sa Metro Manila hanggang Set-yembre 21 para idaos ang iba’t ibang aktibidad at protestang nag-susulong ang kanilang mga pakiki-baka. Kabilang dito ang piket sa harap ng upisina ng mga kumpanya sa mina at mga ahensya ng gubyer-no.

Bago dumating sa Metro Ma-nila, dumaan ang delegasyon

mula sa Mindanao sa UP-Los Banos kung saan malugod silang tinang-gap ng administrasyon ng uniber-sidad at mga estudyante nito.

Samantala, idinaos sa Butuan City noong Agosto 31 ang ikala-wang rehiyunal na kumperensya ng Kahugpungan sa Lumadong Orga-nisasyon (KASALO-Caraga) kasabay ng Eydow Tu Pakigsantuya Tu Tu-mindok Kane’t Caraga o Araw ng Pagkilos ng mga Lumad ng Caraga. Ginanap ito kasabay ng paglakas ng pagkakaisa ng mga Lumad sa rehi-yon. Mula 2009, dumoble ang bi-lang ng mga kasapian ng organisa-syon na sumasaklaw ng limang tri-bu.

Naging okasyon rin ang pagti-tipon para parangalan bilang mga bayani ang lahat ng mga lider-Lu-mad na ginipit at pinaslang ng reaksyunaryong estado dahil sa kanilang pagtatanggol sa lupang ninuno. Sa katapusan ng araw, nagmartsa ang mga Lumad patu-ngo sa libingan ni Emerito Sa-marca, pinuno ng ALCADDEV na pi-naslang ng militar noong Set-yembre 1, 2015.

Noon namang Agosto 28, ini-lunsad ng mga progresibong grupo, kasama ang iba’t ibang personali-dad ang Movement Against Tyranny, isang alyansa laban sa tumitinding pasismo ng rehimeng

US-Duterte. Bago nito, lu-mahok ang mga progresibong or-ganisasyon sa pag-lilibing kay Kian de los Santos, ang 17-anyos na biktima ng ekstrahudisyal na pamamaslang ng “gera kontra-droga” ng rehi-men. AB





# Ekstrahudisyal na pamamaslang, tumitindi

**P**atuloy na dumarami ang mga sibilyang pinapatay ng mga sundalo at pulis ng tiranong si Duterte, at walang-awat pa rin ang paghahasik ng mga ito ng samu't saring mga paglabag sa karapatan. Tampok sa mga bagong krimen ni Duterte ang sunud-sunod na mga pagpatay sa Sorsogon, Negros Oriental, Davao City at Compostela Valley. Mula nang maupo ito sa poder, umaabot na sa 92 ang ekstrahudisyal na pinatay ng rehimen.

**Bicol.** Sa Sorsogon, sunud-sunod na pamamaslang sa mga sibilyan ang isinagawa ng mga elemento ng 31st IB at 509th Public Safety Company ng Philippine National Police. Ayon kay Ka Maria Roja Banua ng NDF-Bicol, mula Hulyo hanggang Agosto, labing-isang kaso ng pagpatay ang naitalang kagagawan ng mga sundalo at pulis.

Pinakahuli sa mga ito ay ang pagpatay kay Jerry Jenga noong Agosto 29 ng tanghali sa Barangay Aquino, Bulan. Itinuturong salarin ang isang elemento ng 509th PSC na tumalilis sakay ng motorsiklo patungo sa kampo ng pulis sa parehong barangay. Kinahapunan, pinatay naman ng 31st IB si Ronald Abion, residente ng Sityo Calaay, Barangay Tinampo, Irosin. Matagal nang pinaparatangan ng 31st IB si Abion bilang tagasuporta umano ng BHB.

Iniulat din na sa 16 na bayan sa prubinsya, 12 sa mga ito ang pinuwestuhan ng mga kampo ng AFP-Cafgu. Gayundin, 37 barangay ang kasalukuyang okupado ng mga sundalo ng AFP sa ngalan ng Oplan Kapayapaan. Naitala din mula Hunyo hanggang Agosto ang 55 kaso ng maramihang panggigipit, intimidasyon at sapilitang pagpapalikas.

**Negros.** Samantala sa isla ng Negros, mariing kinundena ng Leonardo Panaligan Command ng BHB-Central Negros ang sunud-sunod ding pagpatay sa mga sibilyan sa Guihulngan City, Negros Oriental matapos ang na ambus ng LPC sa PNP Guihulngan noong Hulyo 21. Ayon kay Ka JB Regalado ng LPC, pinangungunahan ng mga pulis na sina Fermin Jacobe, Melgin Bulandres, at Ricky Taub ang serye ng mga pagpatay. Kasapakat ng mga

ito ang mga bayarang mamamatay-tao na RPA-ABB. Gayundin umano, nalantad din ang partisipasyon ng ilang lokal na upisyal ng Guihulngan City sa pangunguna nina Guihulngan City Councilor Pipo Passigna, Petyong Mijares at iba pa.

Kabilang sa mga sibilyang biktima ng pamamaslang ay sina Glen Abseng na pinatay noong Hulyo 22, Alberto Ticson na pinatay naman noong Hulyo 24, at isang drayber ng pedicab na kinilalang "Danny" na pinatay naman noong Hulyo 28. Noong Agosto 6, binaril din hanggang mamatay si Remie Faburada sa Barangay Malusay. Si Kap. Junjun Benero naman ng Barangay Hinakpan ay pinatay nang araw ding iyon habang nagkakape sa isang *beach resort*. Dalawa sa mga kasamahan ni Benero ay sugatan din sa pamamail.

Pinakahuling biktima ng pagpatay ay ang organisador ng Bayan Muna na si Oscar Asildo Jr. Binaril si Asildo Jr. noong Agosto 30, bandang alas-11 ng umaga pagkalabas niya sa upisina ng DepEd sa Brgy. Poblacion. Binaril nang malapitan si Asildo Jr. habang papasok sa kanyang kotse. Sinikap ng mga taong nasa malapit na humingi ng tulong mula sa PNP Guihulngan ngunit walang pulis na sumaklolo.

**Davao City.** Pinagbabaril ng pinaniniwalaang mga sundalo ng 84th IB at 3rd IB ang mag-asawang sina Jezreel Arrabis, 40, at asawa nitong si Dalia, 38, mga residente ng Barangay Tamayong, Calinan District. Kapwa magsasaka ang mga Arrabis at aktibong mga myembro ng Farmers Association in Davao City. Binaril sila sa harapan ng kanilang bahay noong Setyembre 2,

bandang alas-6:40 ng gabi pagkating mula sa pamamalengke. Nakaligtas sa pamamail ang pitong-taong gulang na anak ng mag-asawa.

**Compostela Valley.** Binaril naman hanggang mapatay si Lomer Gerodias, isang maliitang minero, ng pinaniniwalaang tauhan ng 66th IB noong Agosto 27, bandang alas-7 ng gabi. Nasa Brgy. Poblacion, Maragusan si Gerodias at papuntang Barangay Magkagong nang siya ay pinatay.

Myembro si Gerodias ng Abante, isang lokal na organisasyon ng mga maliitang minero sa Barangay Poblacion, at aktibong sumusuporta sa mga pakikibaka ng mga magsasaka sa kanilang komunidad. Ang Abante ay kasaping organisasyon ng Hugpong sa mga Mag-uuma sa Walog, Compostela (HUMAWAC).

Bago nito, noong Agosto 23, pinagbabaril din ng di-kilalang suspetsado ang magsasakang si Roger Timboco. Myembro si Timboco ng organisasyon Kahugpungan sa mga Mag-uuma sa Maco ComVal.

**Misamis Oriental.** Tinangka ring patayin ng mga sundalo ng 58th IB ang lider-Lumad na si Roy Ibarat ng Pangalasang, na nakabase sa Opol.

Ayon kay Ibarat, matagal na siyang pinaparatangan ng 58th IB na konektado umano sa mga rebelde at ginigipit na sumurender. Noong Agosto 20, pinuntahan si Ibarat ng apat na sundalo sa kanyang bahay, binuyo patungo sa isang masukal na lugar, at dalawang ulit na pinaputukan.

Tinarget ng 58th IB si Ibarat dahil sa matagumpay na bungkalan na isinagawa ng mga myembro ng Pangalasang noong Agosto 18 sa lupaing ninuno na kanilang binabawi mula sa A. Brown Company. Umaabot sa 520 ektarya ang kanilang lupaing ninuno na sumasaklaw sa mga barangay ng Bagooboc at Tingalan sa Opol.

**Palawan.** Ilegal na inaresto at

idinetine ng mga elemento ng AFP Western Command (WESCOM) noong Hulyo 23 ang sibilyang si Romy Labajo at ang kanyang asawa sa bayan ng Araceli, Palawan. Matapos dakpin ay iprinisinta sa publiko ang mag-asawang Labajo at bilang mga kasapi umano ng BHB.

Ayon sa PAMALAKAYA-Palawan, dinakip ang mag-asawa bilang tugon sa maigting na paglaban ng mga residente sa bahaging Norte ng Palawan para sa kanilang kabuhasan sa pangangisda na winawasak ng kontra-mamamayang Administrative Order 05 ng lokal na gubyerno ng Palawan.

Sa tabing din ng pagtugis sa grupong Maute, sunud-sunod din ang mga isinagawang reyd at pang-hahalughog sa mga bayan ng Taytay, Coron, Araceli at mga kalapit isla ng mga nabanggit na bayan dahil umano sa pagpasok ng Maute Group sa Palawan. Target ng mga atake ng WESCOM ang mga komunidad kung saan malakas ang paglaban ng mamamayan sa naturang AO.

Noon namang Agosto 11, apat na katutubong Tagbana ang iligal na dinakip, tinortyur at sinampahan ng gawa-gawang kaso ng PNP-Palawan.

Nagpapastol lamang ng mga kalabaw ang magkakamag-anak na sina Elesar Buenasalbas, Noel at Reden Peñaredondo, mga residente ng Barangay Alacalian, Taytay, nang harangin sila ng nag-ooperasyong mga tropa ng PNP-Regional Public Safety Battalion. Inimbestiga ang tatlo, piniringan, pinagbubugbog at pilit na pinapaaming mga kasapi ng BHB.

Sa kabila ng pakiusap at pagpapatunay ng kanilang mga kapitbahay na mga sibilyan ang tatlo, dinala pa rin ang mga magsasaka sa istasyon ng pulis sa Taytay. Kinabukasan, hinuli naman si Ely Peñaredondo sa paratang na nag-iimbak umano ng mga improbisadong eksplosibo. Dinala ang apat sa Provincial Jail at nakapiit hanggang sa kasalukuyan. AB

## Panggigipit at pamamaslang sa mga Lumad

WALA PA RING awat ang pamamaslang at panggigipit ng rehimen sa mamamayang Lumad sa Mindanao. Habang isinasagawa ang kumperensya ng Sandugo sa Quezon City, isang 19-taong gulang na estudyante ng Salugpongan Ta Tanu Irganogon Community Learning Center ang binaril ng mga ahente ng militar sa Sityo Dulyan, Barangay Palma Gil, Talaingod, Davao del Norte noong Setyembre 5. Namatay sa ospital si Obillo Bay-ao matapos siya barilin ng isang elemento ng CAFGU na kinilalang si Ben Salangani.

Bago nito, sinampahan ng gawa-gawang kaso ng Marine Battalion Landing Team 2 ang boluntir na mga guro ng Center for Lumad Advocacy, Networking and Services, Inc (CLANS) Community School at mga myembro ng Parent-Teacher Community Association (PTCA) nito. Ayon sa CLANS, naglabas na ng mandamyento para arestuhin ang anim na boluntir na guro at pitong myembro ng PTCA. Kinasuhan sila ng pagpatay at bigong pagpatay.

Hindi ligtas kahit ang mga delegado ng Manilakbayan na nakakampo sa Quezon City. Tuluy-tuloy silang minamanmanan ng mga pulis at ahenteng paniktik. Ang mga batang Lumad na estudyante ng eskwelahang bakwit ay pilit na pinaiimbestigahan para pwersahing pauwiin sa militarizado nilang mga komunidad.

## Kumpirmasyon ni Mariano, ibinasura na rin ng CA

TULUYAN NANG ibinasura ng Commission on Appointments ang pagkakahirang kay Rafael Mariano (Ka Paeng) bilang kalihim ng Department of Agrarian Reform nitong Setyembre 6.

Binatikos ng Kilusang Magbubukid ng Pilipinas (KMP) ang hakbang ng CA. Anang KMP, isa na naman itong patunay sa katapatan ni Duterte sa mga panginoong maylupa at oligarko sa bansa. Direkta mula kay Duterte ang utos para pataksilkin sa Ka Paeng. Kabilang sa mga humarang sa kanya ang anak ni Duterte na si Sara Duterte at asawa niyang si Manases Carpio, abugado ng Lapanday Foods Corporation. Hinarang din ang kanyang pagkakahirang ng mga bayarang tauhan ng pamilyang Aquino-Cojuangco na nagpanggap na mga magsasaka.

Bago nito, ibinasura rin ng CA ang pagkakahirang kay Judy Taguiwalo bilang kalihim ng Department of Social Work and Welfare.

## 25 taon ng The Hague Declaration

GINUNITA NG mga progresibong grupo, kasama ang mga susing personalidad sa usapang pangkapayapaan ng GRP at National Democratic Front of the Philippines ang ika-25 taong anibersaryo ng pagkakapirma ng The Hague Joint Declaration noong Setyembre 1, 1992. Umabot sa 500 ang nagtipon sa University of the Philippines sa Diliman, Quezon City noong Setyembre 2 para ipagbunyi ang isang kasunduang naging balangkas ng mahabang pagsisikap para maabot ang isang matagalan at makasaysayang kapayapaan sa bansa.

Ayon kay Jose Ma. Sison, Chief Political Consultant ng NDFP *negotiating panel*, nananatiling balangkas hanggang ngayon ang usapan ang deklarasyon. Ito ay sa kabila nang pagtatangkang ibasura ito ng sunud-sunod na reaksyunaryong rehimen ang kasunduan. Kabilang dito ang pagdeklara ng nagdaang rehimeng US-Aquino sa kasunduan bilang “document of perpetual division” sa paghahabol nitong palabnawin ang proseso ng usapan at pabilisin ang pagpapasuko ng rebolusyonaryong kilusan.

Dumalo sa aktibidad ang mga dati nang sangkot sa usapan tulad ni Sen. Loren Legarda at mga obispo at lider-simbahan. AB